**Mga Madalas Itanong – Heograpikal na Konstituwensya**

Q1: Sino ang maaring magparehistro?

Q2: Bakit ako kailangang magparehistro?

Q3: Paano ako makakapagparehistro?

Q4: Kung ako ay isang rehistradong botante, paano ko ipagbigay-alam ang pagbabago ng aking mga detalye sa pagpaparehistro, tulad ng nakarehistrong adres, pangalan, email adres at numero ng telepono sa pakikipag-ugnayan?

Q5: Mayroon bang mga petsa ng huling araw para sa pagpaparehistro ng bagong botante at pagbabago sa mga detalye ng nakarehistro?

Q6: May karapatan ba akong bumoto kaagad pagkatapos ako magsumite ng aplikasyon para sa pagpaparehistro ng bagong botante? / May karapatan ba akong bumoto sa bagong nasasakupan at sa isang bagong istasyon ng botohan kaagad pagkatapos kong ipagbigay-alam ang pagbabago ng nakarehistrong tirahan?

Q7: Kailangan ba akong gumamit ng iba't ibang mga form ng aplikasyon para sa pagpaparehistro ng bagong botante at ipagbigay-alam ang pagbabago ng mga detalye?

Q8: Napunan ko na ang isang form ng aplikasyon nang ilang taon na ang nakakaraan. Kailangan ko ba ang magparehistro muli?

Q9: Magiging 18 pa lang ako sa katapusan ng Setyembre ngayong taon ngunit sa ika-2 ng Hunyo ang huling araw ng pagpaparehistro. Maaari na ba akong magparehistro ngayon bilang isang botante?

Q10: Lilipat ako sa isang bagong flat sa hinaharap, dapat ko na ba ngayon ipagbigay-alam ang aking bagong tirahan sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan?

Q11: Anong uri ng mga dokumento ang tinatanggap bilang mga katibayan ng adres?

Q12: Kung hindi ako makapagbibigay ng mga dokumento na may pangalan at adres ng tirahan bilang katibayan ng adres ng tirahan, anong mga alternatibong dokumento

ang maaari kong isumite upang magsilbing may bisa ang katibayan ng adres?

Q13: Kung ang aking bagong bahay ay isang flat sa pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Kagawaran ng Pabahay o pabahay na may ayuda sa ilalim ng Kapisanan ng Pabahay ng Hong Kong (Hong Kong Housing Society), maaari ba akong hindi maging saklaw sa pagpapatunay ng adres na kinakailangan kapag nag-apply ako para sa pagpaparehistro ng bagong botante o pagbabago ng tirahan?

Q14: Kung may alam akong nagbibigay ng maling impormasyon para sa pagpaparehistro ng botante, paano ko ipapaalam sa mga kagawaran ng pamahalaan?

Q15: Kung may sinumang nagbigay ng maling adres ng tirahan sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan para sa pagpaparehistro ng botante, o nagbigay ng mapanlinlang na dokumentong katibayan ng adres kapag nag-aapply sa pagpaparehistro ng bagong botante o pagbabago ng nakarehistrong adres, at pagkatapos ay bumoto sa isang halalan, aling batas ang kanyang nilabag?

Q16: Ako ay bagong dating mula sa Pangunahing Lupain ng Tsina. Maaari ba akong magpatala bilang botante?

Q17: Paano ko malalaman na ang aking mga tala ay tamang naipasok sa rehistro ng mga botante?

Q18: Mayroon bang mga pananggalang laban sa posibleng pang-aabuso sa aking personal na datos?

Q19: Nagsumite ako ng aplikasyon sa panibagong rehistro ng botante / pagbabago ng mga detalye ng rehistro. Paano ko malalaman na naproseso ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan ang aking aplikasyon?

Q20: Aling kagawaran ang dapat kong lapitan para humingi ng tulong kung mayroon pa akong mga katanungan sa rehistro ng botante?

Q1: Sino ang maaaring magparehistro?

A1: Kung ikaw ay isang permanenteng residente ng Hong Kong na may edad 18 o higit pa, at karaniwang naninirahan sa Hong Kong, ikaw ay karapat-dapat na magparehistro bilang isang botante ng heograpikal na konstituwensiya.

Bumalik sa itaas

Q2: Bakit dapat akong magparehistro?

A2: Pagkatapos mong magparehistro bilang isang botante maaari mong gamitin ang iyong karapatang bumoto sa mga halalan ng Pambatasang Konseho at Konsehong Pandistrito. Karapatan mong ihalal ang iyong kinatawan na maupo sa mga pwestong ito. Kung karapat-dapat kang bumoto sa mga halalan sa Sub-sektor na Komite ng Halalan, kailangan mo ring magparehistro bilang isang botante bago ka makaboto sa mga halalan.

Bumalik sa itaas

Q3: Paano ako magpapatala bilang isang botante?

A3: Kung ikaw ay hindi isang rehistradong botante at nais mong marehistro sa isang heograpikal na konstituwensiya, dapat mong kumpletuhin ang form ng aplikasyon na “Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro / Ulat Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Heograpikal na Konstitwensiya” (REO-GC).

Mga Paalala: Alinsunod kaugnay na kahilingan ng batas, ang mga aplikasyon para sa Panibagong Rehistro ng Botante ay dapat na suportado ng katibayan ng adres. Maaari kang sumangguni sa A11 hanggang A13 para sa mga katanggap-tanggap na uri ng katibayan ng adres.

Maaari mong makuha ang "Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro / Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Heograpikal na Konstitwensiya" (REO-GC) sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

- sa pag-download mula sa websayt na ito;
- sa pamamagitan ng fax sa pagtawag ng hotline sa 2891 1001; at
- sa mga Tanggapang Pandistrito, tanggapan ng pamamahala sa mga gusali ng pampublikong pabahay at ang Tanggapan ng Rehistro at Halalan.

Mga Adres ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan:
8/F Treasury Building
3 Tonkin Street West

Cheung Sha Wan
Kowloon

13/F Kowloonbay International Trade & Exhibition Centre
1 Trademart Drive
Kowloon Bay
Kowloon

Pagkatapos kumpletuhin at lagdaan ang form ng aplikasyon, maaari mong isumite ang form, kasama ang isang katibayan ng tirahan na ibinigay sa loob ng huling tatlong buwan, sa pamamagitan ng koreo, fax (numero ng fax: 2891 1180) o email (adres ng email: form@reo.gov.hk) sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan, o i-upload ang form (at katibayan ng tirahan kung saan naaangkop) sa Online na Plataporma sa Pag-upload ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan (www.reo-form.gov.hk).

Kung mayroon kang wastong digital certificate na inisyu ng Hongkong Post o Digi-Sign Certification Services Limited (mangyaring i-click dito para sa mga detalye, ikaw ay maaari ring magsumite ng aplikasyon sa online sa pamamagitan ng Aplikasyon sa Pagrehistro ng Botante sa GovHK.

Kung gugustuhin mong magsumite ng form ng aplikasyon sa pagrehistro bilang botante sa pamamagitan ng elektronikong paraan, mangyaring tandaan ang "Mga Gabay na Paunawa sa Pagsumite ng Aplikasyon sa Pagrehistro ng Botante sa pamamagitan ng mga Digital na File".

Upang magparehistro bilang isang botante ng konstituwensa ng magkakaibang industriya at botante ng subsektor na Komite ng Halalan, mangyaring i-click dito.

Bumalik sa itaas

Q4: Kung ako ay isang rehistradong botante, paano ko iuulat ang pagbabago ng aking mga detalye sa pagpaparehistro, tulad ng nakarehistrong adres, pangalan, email adres at numero ng telepono?

A4: Kung ikaw ay isang rehistradong botante at gusto mong mag-ulat ng pagbabago ng mga detalye ng pagpaparehistro, dapat mong kumpletuhin ang form ng aplikasyon na "Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro / Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Heograpikal na Konstitwensiya" (REO-GC).

Mga Paalala: Alinsunod sa nauugnay na kinakailangan sa lehislatura, ang mga aplikasyon para sa Panibagong Rehistro ng Botante ay dapat na suportado ng patunay ng address. Maaari kang sumangguni sa A11 hanggang A13 para sa mga katanggap-tanggap na uri ng pagpapatunay ng tirahan.

Maaari mong makuha ang "Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro / Ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Heograpikal na Konstitwensiya" (REO-GC) sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

- sa pag-download mula sa websayt na ito;
- sa pamamagitan ng fax sa pagtawag sa hotline sa 2891 1001; at
- sa mga Tanggapang Pandistrito, namamahalang mga tanggapan ng pampublikong pabahay na mga estado at ang Tanggapan ng Rehistro at Halalan.

Mga Adres ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan:
8/F Treasury Building
3 Tonkin Street West
Cheung Sha Wan
Kowloon

13/F Kowloon Bay International Trade & Exhibition Centre
1 Trademart Drive
Kowloon Bay
Kowloon

Pagkatapos kumpletuhin at lagdaan ang form ng aplikasyon, maaari mong isumite ang form, kasama ang isang katibayan ng tirahan na ibinigay sa loob ng huling tatlong buwan, sa pamamagitan ng koreo, fax (numero ng fax: 2891 1180) o email (adres ng email: form@reo.gov.hk) sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan, o i-upload ang form (at katibayan ng tirahan kung saan naaangkop) sa Online na Plataporma sa Pag-upload ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan (www.reo-form.gov.hk).

Kung mayroon kang wastong digital certificate na inisyu ng Hongkong Post o Digi-Sign Certification Services Limited (mangyaring i-click dito para sa mga detalye), maaari ka ring magsumite ng form ng aplikasyon sa online sa pamamagitan ng Aplikasyon sa Pagrehistro ng Botante sa GovHK.

Kung gugustuhin niyo ang magsumite ng form ng aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante sa pamamagitan ng elektronikong paraan, mangyaring tandaan ang “Mga Gabay na Paunawa sa Pagsumite ng Aplikasyon sa Pagrehistro ng Botante sa pamamagitan ng mga Digital na File”.

Bukod sa nabanggit, kung ikaw ay isang rehistradong botante at nais mong ibigay/i-update ang iyong email address upang mapadali ang pagtanggap ng mail ng halalan na may kaugnayan sa mga gawain pang-halalan mula sa mga kandidato, maaari mong ibigay ang kaugnay na impormasyon sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan sa pamamagitan ng aming Websayt (https://www.osp.reo.gov.hk/index_e.html) o sa email (adres ng email: reoenq@reo.gov.hk).

Bumalik sa itaas

Q5: Mayroon bang mga petsa ng huling araw para sa panibagong rehistro ng botante at pagbabago ng mga detalye ng rehistro?

A5: Ang mga karapat-dapat na residente / mga rehistradong botante ay maaaring magsumite ng "Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro ng Botante / Pag-uulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Heograpikal na Konstituwensiya" (REO-GC) anumang oras ng taon. Gayunpaman, kung nais nilang maproseso ang kanilang rehistro/ mga detalye na nabago sa rehistro ng mga botante upang mailathala sa parehong yugto, dapat nilang isumite ang mga form ng aplikasyon sa Tanggapang ito sa o bago ang mga takdang petsa ng batas na nakalista sa ibaba:

**Panibagong Rehistro ng Botante: ika-2 Hunyo**
**Pag-uulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante: ika-2 Hunyo**

Kung ang mga form ng aplikasyon ay isinumite pagkatapos ng naaayon sa batas na huling araw, ang mga pangalan at tirahan ng mga tirahan ng mga nauugnay na botante ay maaari lamang itala/baguhin sa rehistro ng mga botante na ilalathala sa kasunod na yugto ng pagpaparehistro ng botante.

Bumalik sa itaas

Q6: May karapatan ba akong bumoto kaagad pagkatapos kong magsumite ng

aplikasyon para sa panibagong rehistro ng botante? / May karapatan ba akong bumoto sa bagong konstituwensiya at sa isang bagong istasyon ng botohan kaagad pagkatapos kong mag-ulat ng pagbabago ng rehistradong adres?

A6: Alinsunod sa nauugnay na regulasyon sa botohan, ang Tanggapan ng Rehistro at Halalan ay magtatalaga ng mga nasasakupan at mga istasyon ng botohan ayon sa impormasyong nakatala sa kasalukuyang Huling Rehistro ng mga Maghahalal, na ina-update minsan sa isang taon. Kung mayroong mang halalan sa Konseho ng Distrito o Pambatasang Konseho bago ang paglalathala ng susunod na Huling Rehistro, ang Tanggapan ng Rehistro at Halalan ay magtatalaga ng mga nasasakupan at mga istasyon ng botohan ayon sa impormasyon ng umiiral na Huling Rehistro.

Bumalik sa itaas

Q7: Kailangan ko bang gumamit ng iba't ibang mga form ng aplikasyon para sa panibagong rehistro ng botante at mag-ulat sa pagbabago ng mga detalye?

A7: Dapat gamitin ng mga miyembro ng publiko ang "Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro / Pag-uulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Heograpikal na Konstituwensiya" (REO-GC) para sa parehong panibagong rehistro bilang isang botante sa isang heograpikal na konstituwensiya at i-ulat ang pagbabago ng kanyang mga detalye sa rehistrasyon.

Bumalik sa itaas

Q8: Pinunan ko ang isang form ng aplikasyon na may ilang taon na ang nakakaraan. Kailangan ko bang magparehistro muli?

A8: Ang mga botante sa umiiral na rehistro ay hindi kinakailangang magparehistro muli. Maaari kang mag-log on sa Online Voter Information Enquiry System (www.voterinfo.gov.hk) o makipag-ugnayan sa hotline ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan sa 2891 1001 upang suriin kung ang iyong narehistrong mga detalye ay wasto o hindi.

Para sa mga botante na may hindi tumpak ang mga detalye ng pagpaparehistro, ang kanilang katayuan sa pagpaparehistro at pagiging karapat-dapat na bumoto ay maaaring maapektuhan. Mangyaring kumpletuhin ang "Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro / Pag-ulat sa Pagbabago ng mga Partikular ng isang Botante sa

isang Heyograpikong Konstituwensiya" (REO-GC) at isumite ang nilagdaan at nakumpletong form, kasama ang isang katibayan ng adres na ibinigay sa loob ng huling tatlong buwan, sa REO para sa anumang pagbabago sa iyong mga detalye sa pagpaparehistro lalo na sa tirahan, upang ma-update ng REO ang iyong mga tala.

Bumalik sa itaas

Q9: Ako ay magiging 18 taong gulang sa katapusan ng Setyembre ngayong taon ngunit ang petsa ng hiling araw ng pagpaparehistro ay 2 Hunyo. Maaari ba akong magparehistro bilang isang botante ngayon?

A9: Ang huling rehistro ay ipinapahayag sa o bago ang 25 Setyembre bawat taon. Kung umabot ka sa 18 taong gulang sa o bago ang Setyembre 25 sa taong iyon, at kung ikaw ay isang permanenteng residente ng Hong Kong, ikaw ay karapat-dapat na mag-apply para sa pagpaparehistro bilang isang botante.

Bumalik sa itaas

Q10: Malapit na akong lumipat sa bagong tirahan, dapat ko bang iulat ang aking bagong adres sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan ngayon?

A10: Dapat mong kumpletuhin ang “Aplikasyon para sa Panibagong Rehistro / Pag-ulat sa Pagbabago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Heyograpikong Konstituwensiya” (REO-GC) at isumite ang nilagdaan at nakumpletong form, kasama ang isang katibayan ng adres na ibinigay sa loob ng huling tatlong buwan, sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan pagkatapos mong lumipat ng tirahan. Kung magsumite ka ng aplikasyon para sa pagbabago ng rehistradong adres sa o bago ang ayon sa batas na petsa ng huling araw para sa pag-uulat sa pagbabago ng mga detalye ng pagpaparehistro ng serye ng pagpaparehistro ng botante na iyon (ibig sabihin, sa o bago ang Hunyo 2 ng takdang taon), ang iyong bagong adres ay makikita sa Panghuling Rehistro para sa mga Botante na inilathala sa taong iyon.

Bumalik sa itaas

Q11: Anong mga uri ng mga dokumento ang tinatanggap bilang mga katibayan ng adres?

A11: Tinatanggap ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan ang mga dokumento sa ibaba

na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (ang petsa ng pagtanggap ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan ay tatanggapin bilang petsa ng pagsusumite ng form), na naglalaman ng petsa ng pagpapalabas at pangalan ng organisasyong nagbigay bilang wastong patunay ng adres. Dapat ding taglay ng mga nauugnay na dokumento ang pangalan ng botante at pangunahing adres ng tirahan (pangalan at adres ng tirahan na nakalimbag sa dokumento ay dapat magkapareho sa mga ibinigay sa form ng aplikasyon):

1. mga singil o resibo na inisyu ng mga ahensya ng publiko (hal. mga singil para sa mga serbisyo ng tubig, kuryente o towngas);
2. korespondensya mula sa mga kagawaran ng pamahalaan o Hudikatura
3. mga pahayag o korespondensya na inisyu ng mga bangko, kompanya ng insyurans o Mga Aprubadong Tagahawak ng Mandatory Provident Fund;
4. mga singil ng landline na telepono, cellphone, bayad sa telebisyon o mga serbisyo sa internet;
5. mga dokumento o mga panukalang batas na inisyu ng mga lokal na institusyon pagkatapos ng sekundarya na maaaring umasa sa pagkumpirma sa tirahan ng botante;
6. balido at "nakatatak" (para sa stamp duty) kasunduan sa pangungupahan (ang pamantayan ng pag-iisyu sa loob ng 3 buwan bago ang petsa ng pagsusumite ng aplikasyon ay hindi sapilitan ngunit ang nasabing pangungupahan ay dapat sumaklaw sa petsa ng aplikasyon); o
7. mga singil, korespondensya o iba pang mga dokumentong inisyu ng mga pampublikong organisasyon gaya ng Awtoridad ng Ospital, Kagawaran ng Pabahay, Kapisanan ng Pabahay ng Hong Kong, Awtoridad sa Pagsusuri at Pagtatasa sa Hong Kong, atbp.

Bumalik sa itaas

Q12: Kung hindi ako makapagbigay ng mga dokumento na may pangalan ako at adres ng tirahan bilang katibayan ng adres, anong mga alternatibong dokumento ang maaari kong isumite upang magsilbing katibayan na balido ang adres?

A12: Bukod sa patunay ng sariling tirahan ng botante, tinatanggap din ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan ang mga dokumento sa ibaba na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (ang petsa ng pagtanggap ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan ay gagamitin bilang petsa ng pagsusumite ng form), na may petsa ng pag-isyu at pangalan ng organisasyong nag-isyu bilang wastong katibayan ng adres:

- Isang katibayan ng adres na naglalaman ng pangalan at adres ng tirahan ng taong naninirahan kasama ng botante, at isang deklarasyon na nilagdaan ng botante upang kumpirmahin na ang taong iyon ay nakatira kasama ng botante sa parehong adres sa itaas at na ang kalakip na katibayan ng adres ay isang kumpletong tunay na kopya o totoong kopya ng orihinal. Maaaring ma-download ang halimbawa ng deklarasyon mula sa websayt ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan (https://www.reo.gov.hk/en/voter/ap.htm).

- Kung ang botante ay hindi makapagpakita ng anumang mga dokumentong nakalista sa itaas, ang Tanggapan ng Rehistro at Halalan ay tumatanggap din ng isang ayon sa batas na deklarasyon na ibinigay ng botante na ginawa sa harap ng isang Komisyoner para sa mga Panunumpa/isang nagsasanay na abogado/isang Hustisya ng Kapayapaan upang patunayan ang paghahabol ng naninirahan sa adres sa bisa ng Ordinansa ng Panunumpa at Deklarasyon (Cap.11). Ang libreng serbisyo para sa paggawa ng mga deklarasyon ayon sa batas ay makukuha sa Mga Tanggapan ng Distrito. Maaaring ma-download ang halimbawa ng mga deklarasyong naaayon sa batas mula sa websayt ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan (https://www.reo.gov.hk/en/voter/ap.htm).

Bumalik sa itaas

Q13: Kung ang aking bagong bahay ay isang flat sa pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Kagawaran ng Pabahay o pabahay na may ayuda sa ilalim ng Kapisanan ng Pabahay ng Hong Kong, maaari ba akong hindi saklaw sa pagpapatibay ng adres na kinakailangan kapag nag-apply ako para sa bagong rehistrasyon ng botante o pagbabago ng tirahan?

A13: Para sa mga botante/aplikante na mga awtorisadong naninirahan sa pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Kagawaran ng Pabahay o mga rehistradong residente sa pangungupahan ng pabahay na may ayuda sa ilalim ng Kapisanan ng Pabahay ng Hong Kong na nag-aaplay para sa pagbabago ng rehistradong tirahan/rehistrasyon ng botante, at ang mga adres sa talaan ng pangungupahan tumugma sa mga adres ng tirahan na ibinigay ng mga ito, katibayan ng adres na kinakailangan para sa naturang mga tao ay maaaring hindi saklaw.

Gayunpaman, ang mga residente ng mga yunit ng pabahay sa ilalim ng Iskema sa Pag-ari ng Pabahay, Iskema ng Berdeng Form sa Pag-ari ng Pabahay na may Ayuda o

mga pampublikong yunit ng pabahay na naibenta na (hal. mga flat sa ilalim ng Iskema ng Pagbili sa Inuupaan) ay nasa labas ng saklaw at ang mga botante/aplikante na kinauukulan ay dapat magbigay ng balidong mga katibayan ng adres.

Para sa mga kaso kung saan ang Opisyal ng Rehistro sa Halalan ay hindi mapatunayan ang kanyang impormasyon sa adres sa pagtutugma ng datos sa kinauukulang kagawaran/organisasyon, ang Opisyal ng Rehistro sa Halalan ay maaaring humiling sa kanya na magbigay ng katibayan ng adres kapag nag-a-apply para sa bagong rehistrasyon ng botante o pagbabago ng rehistradong adres sa ilalim ng Regulasyon sa ika-4 na seksyon at 10A ng Komisyon sa Kapakanan ng Halalan (Rehistrasyon ng mga Botante)(Pambatasang Konseho sa Heograpikal na Konstituwensiya)(Pandistritong Konsehong Konstituwensiya)(Cap. 541A).

Bumalik sa itaas

Q14: Kung may alam akong nagbibigay ng maling impormasyon para sa pagpaparehistro ng botante, paano ko ipapaalam sa mga kagawaran ng pamahalaan?

A14: Ang umiiral na pagsasaayos ng rehistrasyon ng botante ay nakasalalay sa isang mekanismo ng tapat na pagsusumite upang makamit ang pagpapadali sa mga tao na magparehistro. Ang mga karapat-dapat na tao para sa pagpaparehistro o mga rehistradong botante ay dapat magbigay ng totoo at tumpak na impormasyon sa paggawa ng pagpaparehistro o pag-uulat ng pagbabago ng mga detalye ng pagpaparehistro. Kung ang mga pampublikong miyembro ay makatagpo ng mga kahina-hinalang kaso, maaari silang magsampa ng mga reklamo sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan na agad na mag-asikaso at mag-sangguni ng mga kaso sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas para sa imbestigasyon kung naaangkop. Ang pangkalahatang publiko ay hindi dapat lumabag sa mga batas.

Bumalik sa itaas

Q15: Kung ang isang tao ay nagbigay ng maling address ng tirahan sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan para sa pagpaparehistro ng botante, o nagbigay ng dokumentong nagpapatunay ng mapanlinlang na adres kapag nag-a-apply para sa bagong rehistrasyon ng botante o pagbabago ng rehistradong adres, at pagkatapos ay bumoto sa isang halalan, aling batas ang kanyang nilalabag?

A15: Ang isang tao na sadyang gumagawa o walang ingat na gumagawa ng mali o

mapanlinlang na impormasyon (hal. maling adres ng tirahan) sa Tanggapan ng Rehistro at Halalan, sa kabila ng kung ang taong iyon ay bumoto sa isang halalan o hindi, ay nakagawa ng isang pagkakasala sa ilalim ng batas. Kung ang tao ay bumoto sa isang halalan, nilalabag niya ang ika-16 na seksyon ng Ordinansa ng Halalan (Tiwali at Ilegal na Pag-uugali) (Cap. 554), na ipinapatupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian. Ang pinakamataas na parusa ay may multa na $500,000 at pagkakulong ng 7 taon.

Bukod pa rito, kung ang isang botante ay gumawa o nagbigay ng isang mapanlinlang na katibayan ng adres na may intensyon na tatanggapin ito ng Opisyal ng Rehistro at Halalan bilang isang wastong katibayan ng adres, siya ay nakagawa ng pagkakasala ng pamemeke. Alinsunod sa ika-71 na seksyon sa Ordinasa ng Krimen (Cap. 200), ang isang tao na gumawa ng pagkakasala ng pamemeke ay mananagot para sa paghatol sa akusasyon ng pagkakulong sa loob ng 14 na taon.

Bumalik sa itaas

Q16: Ako ay bagong dating mula sa Pangunahing Lupain ng Tsina. Maaari ba akong magparehsitro bilang isang botante?

A16: Lahat ng permanenteng residente ng Hong Kong na may edad 18 o higit pa na karaniwang naninirahan sa Hong Kong ay maaaring mag-apply para sa pagpapaparehistro bilang isang botante.

Bumalik sa itaas

Q17: Paano ko malalaman na ang aking mga tala ay naipasok na tama sa rehistro ng mga botante?

A17: Maaaring suriin ng mga rehistradong botante ang pinakabagong mga detalye ng pagpapaparehistro sa pamamagitan ng Online na Sistema sa Impormasyon ng Botante (www.voterinfo.gov.hk) o tumawag sa hotline ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan sa 2891 1001.

Bumalik sa itaas

Q18: Mayroon bang mga pananggalang laban sa posibleng pang-aabuso sa aking personal na datos?

A18: Ikaw ay nakatitiyak na ang impormasyong ibinigay ng isang botante ay gagamitin lamang para sa pagpaparehistro ng botante at mga layuning nauugnay sa halalan. Ang Tanggapan ng Rehistro at Halalan ay sinusunod ang lahat ng posibleng paraan upang matiyak na ang naturang datos ay hindi magagamit sa maling paraan. Alinsunod sa nauugnay na regulasyon sa halalan, ang Mga Rehistro ng mga Botante ay gagawin lamang na magagamit para sa inspeksyon ng mga tinukoy na tao. Ang paggamit ng anumang impormasyon sa isang rehistro para sa isang layunin maliban sa isang layunin na may kaugnayan sa isang halalan ay isang pagkakasala sa ilalim ng nauugnay na regulasyon ng rehistro, at mananagot sa isang multa sa antas 2 at sa pagkakakulong ng 6 na buwan.

Bumalik sa itaas

Q19: Nagsumite ako ng aplikasyon para sa panibagong rehistro ng botante / pagbabago ng mga detalye ng pagpaparehistro. Paano ko malalaman na naproseso na ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan ang aking aplikasyon?

A19: Ang Tanggapan ng Rehistro at Halalan ay maglalabas ng nakasulat na mga abiso sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng koreo pagkatapos makumpleto ang pagproseso ng aplikasyon para sa panibagong rehistro ng botante o pagbabago ng mga detalye ng pagpaparehistro. Bilang karagdagan sa mga nakasulat na abiso sa pagpaparehistro, ang mga botante ay aabisuhan din sa pamamagitan ng SMS/Email (kung ang botante ay nagbigay ng ganoong impormasyon). Ang mga botante ay maaari rin mag-log-on sa "Online na Sistema sa Pagtatanong ng Impormasyon ng Botante" sa pamamagitan ng www.voterinfo.gov.hk upang suriin ang kanilang sariling talaan.

Bumalik sa itaas

Q20: Aling kagawaran ang dapat kong lapitan para tumulong kung mayroon pa akong mga katanungan sa pagpaparehistro ng botante?

A20: Para sa mga katanungan, maaari kang tumawag sa hotline ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan sa 2891 1001 o mag-email sa amin sa reoenq@reo.gov.hk para sa karagdagang impormasyon.

Bumalik sa itaas

2007 © | Mahahalagang Paunawa | Patakaran sa Pagiging Pribado
Petsa ng huling rebisyon: Ika-13 ng Pebrero 2023